# Praymer Hinggil sa WTO at Paglala ng Kagutuman sa Pilipinas

# PANIMULA

Pagkaraaan ng sampung taong pagpapatupad (1995-2005) sa mga di-pantay na patakaran ng World Trade Organization o WTO, kitang-kita ang paglala ng kahirapan ng mga maliliit na magsasaka, manggagawa, mamimili at iba pang mga mahihirap na sektor sa ating lipunan. Marami nang mga pag-aaral ang ginawa at nagpapatunay na pabor lamang ang mga patakaran ng WTO sa mga mauunlad na bansa tulad ng Amerika, Canada, European Union (EU), Hapon at China.

Patuloy na nagbibigay ng malaking tulong o subsidyo ang mga bansang nabanggit sa sektor ng agrikultura sa kanilang bansa. Dahil dito, nagkakaroon sila ng sobra-sobrang produkto na itinatambak naman sa pandaigdigang pamilihan. At dahil hindi nito sinasalamin ang tunay na halaga na ginamit sa produksyon, naibebenta ng mas mura na siyang sanhi ng pagkalugi ng mga maliliit na magsasaka na hindi nabibigyan ng tulong ng pamahalaan. Ito rin ang dahilan ng pagsasara ng mga pabrika na higit pang nakakadagdag sa kawalan ng trabaho sa mga mahihirap na bansa tulad ng Pilipinas.

Munting kontribusyon ang praymer na ito *Philippine NGO Coalition on Food Sovereignty and Fair Trade (PNLC)* sa papaigting na kampanya laban sa di-pantay at di-makatarungang mga patakaran ng WTO. Isang koalisyon ang PNLC ng 12 *non-government organizations* (NGOs) na kumikilos sa hanay ng mga maliliit na magsasaka sa kanayunan.

Nahahati ang praymer na ito sa tatlong bahagi:

1. Maikling paglilinaw kaugnay sa WTO at ang darating na MC-6 o *Ministerial Conference* sa Disyembre ng taong ito,
2. Ang kalahatang epekto ng WTO sa Pilipinas at
3. Ang Kampanya ng PNLC Laban sa Globalisasyon.

Inaasahan na makatulong sana ang praymer na ito sa ating patuloy na pagkakabuklod at paglaban sa mga di-makatarungang patakaran sa kalakalan ng WTO at mapahigpit pa ang ating nagkakaisang paggiit ang ating pambansang kasarinlan!

**Philippine NGO Coalition on Food Sovereignty and Fair Trade (PNLC)**
Agosto 2005

# I. Ang WTO at MC-6

## A. Ano ang WTO?

Isang pangunahing pandaigdigang organisasyon ang WTO na nagtitiyak sa pagpapatupad ng patakaran sa kalakalan alinsunod sa *free trade* o malayang kalakalan. Itinatag ito nuong Enero 1, 1995 bunga ng negosasyong GATT-UR o *General Agreement on Tariffs and Trade-Uruguay Round*. Isang pandaigdigang kasunduan sa kalakalan ang GATT na itinaguyod ng iba't ibang bansa na nagkabisa mula 1947 hanggang 1994. Sa kasalukuyan, binubuo ang WTO ng 148 na mga bansa at estado.

Saklaw ng WTO ang pagpapatibay ng Kasunduan sa Agrikultura o *Agremeent on Agriculture* (AoA) at maraming aspeto ng kalakalang pandaigdig gaya ng pagkain, pagawaan o manupaktura, industriya, iba't ibang aspeto ng serbisyo, mga imbensyon, resulta ng siyentipikong pananaliksik, pag-aaring kaalaman at teknolohiya.

### 1. Ano ang layunin ng WTO?

Pagbalangkas ng kalakalan sa buong mundo ang pangkalahatang layunin ng WTO na naaayon sa kaisipan ng malayang kalakalan o *free trade*. Tinatawag ding globalisasyon ang kaayusang ito.

### 2. Ano ang malayang kalakalan?

Ayon sa kaisipan ng malayang kalakalan, makakamit lamang ang pinakamalawak na pakinabang para sa mamamayan ng daigdig kung malayang makapagnenegosyo ang mga kapitalista sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ngunit batay sa nakikita at nadadama nating resulta pagkatapos ng 10 taong pagkakatatag ng WTO, kapag malayang makakapagnegosyo ang mga malalaking kapitalista at tinutulungan pa ng gobyerno ng mahihirap na mga bansa gaya ng Pilipinas, lalo lamang nalulugmok sa kahirapan ang malaking bahagi ng mamamayan.

**3. Ano ang mga kalahatang patakaran ng malayang kalakalan?**

Pagtataguyod ng patakarang liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon ang kaisipan ng malayang kalakalan (*liberalization, deregulation and parivatization)*

a) Pagbubukas ng pamilihan ang **liberalisasyon;** malayang pagpapasok ng mga produkto mula sa ibang bansa at malayang paglalabas ng ating mga produkto sa ibang bansa. Hindi na ipinatutupad ang mga patakaran tulad ng tuwirang pagbabawal o paglilimita sa pagpasok ng *imported* na produkto.

b) Pag-aalis ng tungkulin at karapatan sa mga ahensya ng pamahalaan ang **deregulasyon** na tuwirang makialam sa negosyo ng mga kapitalista at sa daloy ng kalakalan. Batay sa deregulasyon, ang pagtitiyak na maluwag ang daloy ng negosyo at kalakal mula sa ibang bansa ang natatanging tungkulin ng pamahalaan.

k) Pagbebenta ng mga negosyo at ari-arian ng pamahalaan sa pribadong sektor ang **pribatisasyon** upang tuluyang mawalan ng papel ang pamahalaan sa daloy ng kalakalan.

## B. Ang MC-6 at mga tinatayang epekto nito sa ating bansa

**1. Ano ang MC-6?**

Ika-6 na Ministerial Conference ang tinutukoy na MC-6 o pulong ng WTO. Gaganapin ito sa Hong Kong sa ika-13 hanggang ika-18 ng Disyembre 2005. Bilang pinakamataas na kapulungan sa istruktura ng WTO, nakatakdang magpulong o maglunsad ng *Ministerial Conference* (MC) ito tuwing ika-lawang taon. May lima nang naunang MC mula nang maitatag ang WTO. Ginanap ito sa Singapore noong 1996, sa Geneva noong 1998, sa Seattle noong 1999, sa Doha noong 2001, at sa Cancùn noong 2003. Dadaluhan

ang MC-6 ng mga pangunahing negosyador at ministro ng mga kasaping bansa at estado upang ipagpatuloy ang pagbubuo ng dagdag at mga bagong kasunduan hinggil sa pandaigdigang kalakalan.

Matatapos ngayong 2005 ang bisa ng karamihan sa mga kasunduang pinagtibay sa GATT-UR noong 1994. Nilayon ng WTO na makapagpatibay ng bagong balangkas ng kasunduan noong 2003 sa Cancùn, Mexico. Subali't di ito natupad dahil maraming bansa ang di sumang-ayon sa panukalang balangkas ng US at EU hinggil sa agrikultura. Pinangunahan ng Brazil, India at China ang paghadlang sa mga panukalang ito – mga malalaking bansa na di-kasing unlad ng US at EU ngunit mga eksporter din ng produktong agrikultural. Tinawag ang humadlang na grupong ito na G–20 at napabilang ang Pilipinas. Bagama't di magkakapareho ng kalagayan at posisyon, tumayong kinatawan ng mga *developing countries* o "umuunlad na bansa" ang G-20.

**2. Ano ang maaaring mangyari sa MC-6?**

Dahil sa pagkaudlot ng agenda noong MC-5 sa Cancùn, titiyakin ng mga mayayamang bansa na may malinaw na kasunduang makamit sa pagpupulong sa MC-6. Sa ibang salita, itutulak sa MC–6 ang mas higit na *export-orientation* at *import-dependence* ng mahihirap na bansa nang walang pagsaalang-alang sa masamang ibubunga nito sa kabuhayan ng batayang sektor. Ang bagay na ito ang kailangang bantayan ng mga organisasyon ng mamamayan sa mga mahihirap na bansa gaya ng Pilipinas.

**3. Ano-ano ang mga itinakdang agenda sa MC–6?**

Pinagtibay ng General Council ng WTO noong ika-1 ng Agosto 2004 ang kasunduang "July Package"; dito nila binalangkas ang magiging daloy ng negosasyon sa Disyembre 2005. Nahahati ito sa apat na bahagi: mga bagong "modalities' ng AoA, *non-agricultural market access* (NAMA), mga panukala sa *General Agreement on Trade and Services (GATS) and trade facilitation.*

a) Ang bagong kaayusan o **"modalities" ng *Agreements on Agriculture*** **o AoA** ang pangunahing *agenda* ng MC-6**.** Binabalangkas dito ang mga bagong patakaran para sa mas maluwag na liberalisasyon ng sektor ng agrikultura. Layunin nitong magtakda ng patakaran para sa mas malaking pagbawas ng taripa subsidyo sa agrikultura. Nahahati ito sa tatlo: ang *market access, domestic support at export competition.*

**Market Access.** Ito ang bulto nang kalakal na papasok at ng produktong ilalabas ng isang bansa. Halimbawa nito ang pagpasok ng bigas, manok, baka, prutas at isda dito sa ating bansa at ang pagluwas naman natin ng saging at mangga sa ibang bansa. Ito ang nagtitiyak na aalisin ng bawat bansa ang lahat ng patakarang humahadlang sa malayang pagpasok ng kalakal galing sa labas at tanging taripa lamang ang maaaring manatiling proteksyon laban sa importasyon. Bilang pagsunod sa patakarang ito, pinawalang-bisa ng Pilipinas ang batas na *Magna Carta for Small Farmers* na humahadlang sa pag-import ng produktong agrikultural mula sa ating bansa.

**Domestic Support.** Dahil nabibilang ang Pilipinas sa mahihirap na bansa, binibigyan tayo ng 10 taon para bawasan ng 13% ang suporta ng gobyerno sa lokal na agrikultura. Kabilang sa mga *domestic support* ang pagpapagawa ng mga *farm-to-market roads*, irigasyon, *price subsidy* katulad ng sa NFA sa usapin ng bigas, atbp. Ikinakategorya ang ganitong klase ng suporta sa ilalim ng **Amber box.**

Samantala, ligtas naman sa ganitong pagbabawas ng suporta ang mas malalaking subsidyo ng mayayamang bansa sa kanilang agrikultura. Naglaan ng *exemption* sa pamamagitan ng "*blue box*" at "*green box*". Kinapapalooban ang "**blue box**" ng subsidyo na tuwirang ibinabayad sa mga magsasaka sa mayayamang bansa upang bawasan ang kanilang produksyon. Kailangan nilang magbawas ng produksyon upang mapanatiling

mataas ang presyo ng produktong agrikultural sa kanilang bansa. Mga uri naman ng subsidyo na kinabibilangan ng *marketing assistance*, *research*, *food aid and infrastructure* ang **"green box."** Ang mauunlad na mga bansa lamang ang may malalaking subsidyo sa ilalim ng "blue box" at "green box". Dahil sa *exemptions* na ito, lalo pang lumaki ang subsidyo ng mayayamang bansa sa kanilang agrikultura. Ito ang dahilan kung bakit nanatiling protektado ang kanilang mga produkto sa pandaigdigang pamilihan.

**Export Competition.** Tumutukoy ito sa subsidyong ibinibigay ng mayayamang bansa sa kanilang agrikultura upang lumaki ang kanilang produksyon at lumaki rin ang sobrang produkto na maitatambak nila sa pamilihan ng mga mahihirap na bansa. Ikinukubli rin ng mayayamang mga bansa ang kanilang pagtatambak ng produktong agrikultural sa anyo ng *food aid*.

b) **Non-agricultural market access o NAMA.** Pagtatakda ito ng balangkas para ipasailalim sa WTO ang mga kalakal na di agrikultural at di dating saklaw ng WTO. Panukalang isama dito ang patakaran para sa kalakal ng isda at paggamit ng mga daungan.

k) **Mga panukala sa General Agreement on Trade and Services (GATS).** Naglalayon itong itulak ang mga kasaping bansa na manindigan o magbigay ng komitment para sa dagdag na pagliliberalisa sa sektor ng serbisyo. Nakapaloob sa kasunduan ng GATS ang pagkontrata ng serbisyong propesyunal sa ibang bansa, kita mula sa mga dayuhan katulad ng turismo, pagpapapasok ng mga dayuhan sa lokal na komersyo, at malayang paglalakbay ng mga mamamayan sa ibang bansa.

d) **Trade Facilitation.** Ito ay tungkol sa dagdag na pagpapaluwag sa mga patakaran ng mga bansa para sa mas mabilis na eksport at import.

**4. Ano ang implikasyon ng MC–6 sa mahihirap na bansa tulad ng Pilipinas?**

Kung maisasagawa sa MC-6 ang panibagong serye ng kasunduan sa agrikultura, higit pa itong maglulugmok sa ekonomya ng ating bansa kaysa sa nakaraang sampung taon sa ilalim ng WTO.

Ang mas maluwag na patakaran sa export at import ang higit pang magbibigay-daan upang mas murang maitambak ng mayayamang mga bansa ang kanilang mga sobrang produkto sa mahihirap na mga bansa gaya ng Pilipinas. Sa ganitong dahilan, higit na magsisilbi sa mga mauunlad na bansa ang mga usaping AoA, NAMA, GATS at trade *facilitation*. Labis na makasasama sa sariling manupaktura, pangisdaan at agrikultura ng mahihirap na bansa ang maluwag na pagpasok ang mga angkat o *imported* na produkto. Samantala, napakahina ng kakayanan ng mahihirap na bansa na makapag-eksport sa mauunlad na bansa. Karaniwang napakababa ng presyo ng mga produktong kayang iluwas ng mga ito.

## II. Ang Kalahatang Epekto ng WTO at Globalisasyon sa Pilipinas

### A. Ano ang kabuoang epekto sa ating ekonomiya?

Palalang pagkalugi ang kauoang epekto ng WTO na nakikita sa pagdami ng nawawalan ng hanapbuhay kasabay ang mabagal na paglago ng industriya at agrikultura.

Mula noong maitatag ang WTO, kitang-kita ang pagkalugi sa agrikultura at pagkalugmok ng ating bansa sa pagiging importer sa halip na eksporter. Batay sa datos ng Bureau of Agricultural Statistics (BAS), mas malaki ang eksport kaysa import ng ating agrikultura mula 1980 hanggang 1993. Pagpasok ng WTO, nabaliktad ang sitwasyon - naging mas malaki ang pag-import kaysa pag-eksport ng ating bansa, kaya lugi ang Pilipinas sa kalakalan.

Halimbawa, nalugi ang ating agrikultura sa pag-eksport at import noong 1995 ng halagang 150 milyon dolyar. Lumaki ang pagkalugi na ito sa 1.1 bilyong dolyar noong 1999, at nairehistro ang luging 933 milyon dolyar noong 2003. Kitang-kita ang ganitong kalakaran sa kabuhayan ng maraming magbubukid; na lumala rin ang kawalan ng sapat na empleyo sa labas ng agrikultura. Nananatiling mahina ang kakayanang mag-empleyo ang sektor ng industriya sapagkat apektado rin ito ng globalisasyon.

Sa kasalukuyan, higit pang lumala ang ating problema sa kawalan ng hanapbuhay. Ipinapakita sa datos ng National Statistics Office (NSO) na lumaki ang bilang ng *unemployed* o walang hanapbuhay sa bansa mula 2.3 milyong Pilipino (8.4%) noong 1994 ay naging 3.6 milyon (10.2%) noong 2003. Hindi kasama sa bilang na ito ang mga hindi naghahanap ng hanapbuhay. Samantala, patuloy ang pagbaba ng halaga ng kita ng karaniwang manggawa kasabay ng pagbaba ng halaga ng piso.

## B. Ano ang epekto sa sektor ng agrikultura?

Ilan sa mga epekto sa agrikultura ang mga sumusunod:

1. **Dumagsa ang mga *imported* na produktong agrikultural habang bumagsak naman ang kita sa eksport.** Mas maraming produktong agrikultural ang inaangkat ng bansa katulad ng bigas, iba't ibang klase ng gulay, mga prutas, de-lata kaya bumagsak ang presyo ng produkto ng mga magbubukid. Dahil naging kalaban o kakumpetensya ng mga lokal na produkto ang mga imported na produkto, nagsasamantala ang mga malalaking negosyante upang lalong baratin ang produkto ng ating mga magsasaka.

2. **Humina ang lokal na produksyon at maraming magsasaka ang nalugi at tuluyang nawalan ng hanapbuhay.** Malinaw ang pagbagsak na ito sa mga nagtatanim ng mais lalo na noong mga unang taon ng WTO. Nitong huling mga taon, apektado na rin ang mga nagtatanim ng gulay sa Cordillera, sibuyas sa Gitnang Luson, bawang sa Ilocos Region at palay sa lahat ng bahagi ng bansa.

3. **Patuloy na pagtaas ng gastos sa produksyon.** Habang pinapababa ng mga imported na produkto ang presyo ng produkto ng mga magbubukid, hindi naman mapigilan ang pagtaas ng presyo ng abono, pestisidyo at iba pang gamit sa bukid kaya higit pang nalulugi ang mga magbubukid.

### K. Ano ang epekto sa kasarinlan sa pagkain (food sovereignty)?

Sa pagsunod sa AoA na tinatanggal ang malaking bahagi ng suporta sa sektor ng agrikultura, isinuko na ng pamahalaan ang *food sovereignty* o kasarinlan sa pagpapasya sa pagkain. Hindi maaring magbigay ng *price subsidy* sa mga prodyuser ng pagkain dito sa ating bansa dahil labag ito sa kasunduan sa ilalim ng WTO.

Sa ilalim ng WTO, naging *net agricultural importer* ang Pilipinas mula sa dating pagiging net *agricultural exporter*. Halimbawa, noong 2003, mula sa 8% umabot sa 32% ang importasyon natin sa bigas. Umabot din sa P10.40 bawat kilo ang imported na bigas at P22 bawat kilo naman ang presyo ng lokal na bigas. Sa ganitong dahilan, mas gustong ibenta ng mga malalaking Pilipinong negosyante ang imported kaysa lokal na bigas na siyang sanhi ng pagkalugi ng maliliit na magsasaka.

Sa isang banda, pinapalaganap ng gobyerno ang *hybrid rice* para daw lumaki ang ating produksyon sa bigas. May kalakip na mga imported na pataba at pestisidyo ito na siyang nagpapataas din sa halaga ng produksyon para sa mga maliliit na magsasaka. Maliban dito, napakaliit pa ring bahagi ng sakahan ang mayroong patubig o irigasyon hanggang sa kasalukuyan.

### D. Ano ang epekto sa kababaihan?

Paliit na ng paliit ang pagkukunan ng pagkain maging sa bukid man o dagat. Tinatayang 77% ng kababaihang nasa agrikultura at pangisdaan ang lumilipat na sa mga gawaing hindi agrikultural katulad ng serbisyo at maliit na pamumuhunan.

Sa isang pananaliksik na isinagawa ng PNLC na inilahad ang resulta sa isang *video documentary* na pinamagatang: Mas Gutom Ba ang Pilipino Ngayon?, may mga kababaihang nagsasabing

isang beses na lamang kumakain ang kanilang pamilya at maaring kanin lamang ito, saging o kamote. Sa isang pag-aaral noong 2000, higit sa 60% ng kababaihan ang may sakit na anemia. Hindi isinasaalang-alang sa AoA ang tinatawag na social cost o kabayarang panlipunan.

**E. Ano ang mga kalahatang epekto sa mamamayan?**

Batay sa datos ng Social Weather Station (SWS), 15% ng pamilyang Pilipino ang nagugutom. (Philippine Daily Inquirer o PDI, October 5, 2004) Ayon naman sa ulat ng United Nations, 34% ng ating buong populasyon ang nabubuhay nang mas mababa pa kaysa sa itinakdang poverty threshold. Ang porsyentong ito ang pinakamataas sa buong Southeast Asia. (Today, Sept. 1, 2004) Sinasabi rin ng Asian Development Bank (ADB), na mas malaki kaysa 12M Pilipino ang nabubuhay sa mas mababa kaysa US$1 bawat araw. (PDI, August 27, 2004)

Halos magkapareho ang kalagayan ng mga manggagawa at ng mga maliliit na magsasaka. Batay sa datos noong Enero 2005, 4.03 M o 11.3% ng buong lakas paggawa (labor force) na may kabuuang 35.83 M ang walang hanapbuhay. (PDI, 28 April 2005). Sa ilalim ng WTO, maraming pabrika ang nagsara dahil sa importasyon ng mas murang mga produkto. Sa mga may hanapbuhay naman, hindi nagkakasya ang kanilang kita para sa mga batayang pangangailangan ng kanilang pamilya. Batay sa isang pag-aaral noong Marso 2005, nangangailangan ng P663 bawat araw upang may sapat na pagkain at mabuhay ng disente ang isang pamilyang may anim na katao sa Metro Manila. Ngunit ang minimum na sahod sa Metro Manila ay P300 bawat araw. Maliban pa dito, marami sa mga employer ang hindi nagpapasahod ayon sa legal minimum wage. Dahil sa pagka-bangkarote ng gobyerno, patuloy ang pagtaas ng mga batayang serbisyo gaya ng ilaw, tubig, transportasyon, atbp. ngunit hindi tumataas ang sahod. Nabanggit din (PDI, January 23, 2005) na ang kita ng pinakamayamang 1% (halos 150,000 pamilya) ay katumbas ng kita ng pinakamababang 38% ng ating populasyon.

Malinaw na ipinapakita ng mga pag-aaral na higit pang lumala ang kagutuman at kahirapan sa ilalim ng WTO at globalisasyon! Dahil

sadyang hindi pumapabor ang globalisasyon sa maliitang hanapbuhay ng mga magbubukid, ang paghina ng kita at pagkalugi mula sa maraming pananim ay nagtutulak pa sa higit na paglala ng kahirapan at kagutuman ng mamamayan.

## III. Ang Kampanya Laban sa WTO at Globalisasyon: Sagot ng PNLC sa Kasalukuyang Kalagayan

Batay sa pag-aaral na inilahad, binuo ng PNLC ang kampanya laban sa WTO at globalisasyon. Isa itong pagsisikap upang ilantad at sama-samang labanan ang mga di-makatarungang patakaran at masamang epekto ng WTO at globalisasyon; kasabay nito ang nagsasagawa ng mga kagyat na hakbang upang maibsan ang kagutuman at kahirapan ng mamamayan sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga lokal na ekonomiya o "building *local economies*."

### A. Mga Layunin at Kagyat na Gawain

**1.** Mag-*lobby* sa pamahalaan hinggil sa sumusunod:

a) Dagdagan ang tulong o subsidyo sa agrikultura at tiyaking mapupunta ito sa mga maliliit na magsasaka.

b) Bigyang proteksyon ang mga maliit na magsasaka sa pamamagitan ng pagtaas ng taripa sa mga *imported* na produkto at muling pagpataw ng *import ban* sa mga produktong pangunahing pinagmumulan ng kabuhayan at pagkain ng maliliit na magbubukid, kababaihan at iba pang mga bulnerableng sektor.

k) Magsagawa at magpatupad ng mga batas sa agrikultura at kalakalan na nakabatay sa pagtatanggol ng kasarinlan sa pagkain.

**2.** Magpalawak ng makakasama o *constituency* sa hanay ng mga istudyante, sektor ng simbahan at iba pang mga propesyunal na makatutulong sa kampanya laban sa globalisasyon.

**3.** Pamunuan ang isang linggong pag-alala o komemorasyon ng *World Food Day* (WFD) sa taong ito. Bago pa nito, maglunsad ng mga forum, pag-aaral, atbp.

- Partikular sa linggong nabanggit (Oktubre 11-18, 2005), maipakita sa buong mundo sa pamamagitan ng mga pagkilos o aktibidad sa iba't ibang bahagi ng bansa ang tunay na kalagayan ng kagutuman at kahirapan sa ating bansa sa ilalim ng WTO.

**4.** Mahigpit na makiisa sa kampanya laban sa WTO at globalisasyon sa pamamagitan ng aktibong pagsapi sa mga samahan o koalisyon na nagdadala ng ganitong kampanya.

**5.** Magsagawa ng mga alternatibong pamamaraan na kagyat na makakabawas sa kahirapan at kagutuman ng mamamayan. Ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

a) Pagpapalaganap ng *sustainable agriculture* at pagtatayo ng mga lokal na ekonomiya.
b) Pagbibigay ng mga pautang at puhunan sa kanayunan.
k) Pagpapalaganap ng mga negosyong pangkomunidad (inter-trade) at pagkalakal ng mga lokal na produkto sa gabay ng prinsipyo ng "Buy Filipino products!"
d) Pangangalaga sa mga *watershed areas* at ilog, pagpapalaganap ng ligtas na tubig, pagtatayo ng mga irigasyon at pagkampanya para sa mga pangunahing serbisyo tulad ng tubig at kuryente.

**B. Mga Panawagan ng PNLC**

**1.** Itaguyod ang kasarinlan at kasapatan sa pagkain!

**2.** Ilabas ang *Agreements on Agriculture (AoA)* sa MC-6!

**3.** Hindi dapat mag-angkat o mag-*impot* kung sumasapat ang mga lokal na produkto.

**4.** Itaguyod ang pagtatayo ng mga lokal na ekonomya sa kanayunan (Local economy-buiilding.)

**5.** Tangkilikin ang mga lokal na produkto!

# TALASALITAAN

**Import.** Pag-angkat ng produkto mula sa ibang bansa. Ang mga produktong ini-import ng Pilipinas mula sa ibang bansa ay pinangungunahan ng trigo, gatas, soya at bigas.

**Export.** Pagluluwas ng sariling produkto sa ibang bansa; ang ini-eksport na produktong agrikultural ng bansa ay pinangungunahan ng langis ng niyog, saging, pinya, mangga, hipon/sugpo at tuna.

**Subsidyo.** Ito ang iba't ibang uri ng tulong o programa ng pamahalaan na naglalayong pataasin ang antas ng produksyon, pababain ang gastos sa produksyon at siguruhin ang tuluy-tuloy na pag-unlad ng sektor. Samantala, layunin ng WTO na unti-unting alisin ang mga subsidyo na inilalaan para sa agrikultura.

**Taripa.** Buwis na ipinapataw sa pag-angkat ng produkto mula sa ibang bansa. Itinatakda ito bilang porsyento (%) ng halaga ng ini-import na produkto; halimbawa, kung ang imported na bigas ay P10 kada kilo at ang taripa ay 50%, magiging P15 kada kilo.

# MGA PINAGHALAWAN

Regalado, Aurora, State's Failure to Fulfil and Defend its Citizens' Right to Food: The Philippine Experience, Paper Prepared for the Asian Consultation on Economic, Social and Cultural Rights, 27-28 January 2000, Quezon City, Philippines

Task Force Food Sovereignty, Ang WTO at Papalalang Liberalisasyon ng Agrikultura, 2005

Vida, Liza, National Food Situation, an NGO Report, 2005

Balay Declaration, South Asian conference on Food Security and Fair Trade held on February 13-16 in Balay Kalinaw, UP Diliman, Quezon City, Philippines

PNLC Program of Action, 2005-2006

Philippine Daily Inquirer

Today, Sept. 1, 2004

# ANG MGA MYEMBRO NG PNLC

**Philippine NGO Council for Food Security and Fair Trade (Kaisampalad)**
**Address:** Rm. 204 Eagle Court Cond., 26 Matalino St., Diliman, Q.C.
**Telephone No.:** (632) 434-7731
**Fax:** (632) 921-7542
**Email:** kaisampalad@skyinet.net
**Website:** http://www.kaisampalad.com

**Management and Organizational Development for Empowerment (MODE)**
**Address:** # 99 Matimtiman St., Sikatuna Village, Quezon City
**Telephone No.:** (632) 435-3652 or (632) 426-1126
**Fax:** (632) 435-3652
**Email:** info@mode.org or dtvalerio@yahoo.com
**Website:** http://www.mode.org

**Food First Information and Action Network (FIAN)**
**Address:** # 9-B Matulungin St., Barangay Central, Diliman, Quezon City
**Telephone No.:** (632) 434-5080
**Fax:** (632) 434-5080
**Email:** fianphils@skyinet.net or fianphils@yahoo.com

**Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA)**
**Address:** #53-B Maliksi St., Brgy. Pinyahan, Quezon City
**Telephone No.:** (632) 436-2633
**Fax:** (632) 433-1714
**Email:** pahra@tri-isys.com

**Philippine Network of Rural Development Institute (PhilNet-RDI)**
**Address:** #57 P. Burgos St., Brgy. Marilag, Project 4, Quezon City
**Telephone No.:** (632) 421-7420 to 21
**Fax:** (632) 421-6684
**Email:** philnetr@pldtdsl.net

**Women's Institute for Sustainable Economic Action (WISE ACT)**
**Address:** # 73 Maginoo St., Barangay Central, Quezon City
**Telephone No.:** (632) 434-7231 or (632) 434-0514
**Fax:** (632) 433-0910
**Email:** wiseact@mozcom.com or research@wiseact.org.ph
**Website:** http://www.wiseact.org

**Kasarian-Kalayaan, Inc. (Sarilaya)**
**Address:** # 32-A Masikap St., Brgy. Pinyahan, Quezon City
**Telephone No.:** (632) 434-0969
**Fax:** (632) 434-0969
**Email:** sarilaya@info.com.ph

**Philippine Human Rights Information Center (PhilRights)**
**Address:** #53-B Maliksi St., Brgy. Pinyahan, Quezon City
**Telephone No.:** (632) 436-5686
**Fax:** (632) 433-1714
**Email:** prights@tri-isys.com

**Task Force Detainees of the Philippines (TFDP)**
**Address:** #145 St. Mary St., Cubao, Quezon City
**Telephone No.:** (632) 995-0346
**Fax:** (632) 437-8054
**Email:** ryamzon@tfdp.org

**Partnership for Agrarian Reform and Rural Development Services (PARRDS)**
**Address:** # 103-A Pajo St., Project 2, Quezon City
**Telephone No.:** (632) 926-1153
**Fax:** (632) 926-1153
**Email:** parrds@pacific.net

**Alternate Forum for Research in Mindanao (AFRIM)**
**Address:** Rm. 1, Anda Corporate Center, F. Inigo St., Davao City
**Telephone No.:** (6382) 226-4592
**Fax:** (6382) 226-4592

**Volunteers for Urban Renewal (VUR)**
**Address: 3** 69 C-5 Formerly G. Salonga St., Bagong Ilog, Pasig City